

# H E K A S I 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)  
**Distance Education for Elementary Schools**  
**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



## **DI KANAIS-NAIS NA PAGGAMIT SA LIKAS NA YAMAN**



Department of Education  
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**  
2nd Floor Bonifacio Building  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City

## **Revised 2010**

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),  
DepEd - Division of Negros Occidental  
under the Strengthening the Implementation of Basic Education  
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.



## GRADE VI

# DI-KANAIS-NAIS NA PAGGAMIT SA LIKAS NA YAMAN



### ALAMIN MO

Baha na naman!



- Pag-aralan ang larawan. Sa iyong palagay, bakit kaya may baha sa barangay Maginaw gayong bahagya lamang ang ulan? Dapat ba itong pagtuunan ng pansin? Bakit? Ano ang maaaring epekto ng ganitong sitwasyon sa pamayanan?
- Sa araling ito, masisiyasat ang mga di-kanais-nais na pangyayaring nakapipinsala sa mga likas na yaman sa kapaligiran na nagdudulot ng di-mabuti sa tao.





## PAGBALIK-ARALAN MO

Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang pangungusap na nagsasaad ng matalinong paggamit ng likas na yaman at ( X ) kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Ipinagbawal ang paggamit ng pinong lambat sa pangingsda.
- \_\_\_\_\_ 2. Dapat manghuli ng isda sa panahong nangingitlog ang mga ito.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagtatayo ang pamahalaan ng pambansang parke sa kagubatan upang di maubos ang mga ibon at hayop sa gubat.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang paggawa ng daan o tulay ay ipinagbabawal ng pamahalaan kung ito'y makasagabal sa malayang pagdaloy ng tubig sa ilog.
- \_\_\_\_\_ 5. Iniutos ng pamahalaan na alisin ang mga palaisdaan sa mga ilog at lawa.



## PAG-ARALAN MO

Basahin mo.

May mga suliraning kinakaharap ang bansa dulot ng masamang gawain ng iba nating kababayan tulad ng di-makatuwirang paggamit at pagsasamantala sa likas na yaman. Kung ipagpapatuloy pa rin ang gayong gawain, anong kinabukasan kaya ang naghihintay sa sambayanang Pilipino? Papayagan ba natin ang di-wastong paggamit nito?

- Ang mga balitang iyong mababasa ay ang matinding pinsala sa ating kalikasan.
- Sa araw na ito matutunghayan mo ang Parada ng mga Balita ng mga mag-aaral. Basahin mo ang iniulat ng Samahang Munting Mamamayan (SMM) Patrol: Bantay Kalikasan.





Magandang Umaga, ang bati ko sa iyo. Samantha Martinez, ang inyong SMM Patrol: Bantay Kalikasan

### BAHA SA MAGUINDANAO, P30-M NASIRA



Tatlung milyong pisong halaga ng mga pananim ang tinangay ng bumaha sa Sultan Kudarat. Naglutangan ang mga kagamitan nang bumuhos ang malakas na ulan na naging sanhi ng pag-apaw ng tubig sa Rio Grande River.

- Basahin mo ang balita. Ano ang mensahe nito?
- Ano ang nadarama mo sa iyong namasid sa larawan?
- Bakit kaya nagkaroon ng ganitong pangyayari?
- Paano malulunasan ang di-kanais-nais na pinsala sa likas na yaman? Isulat mo sa iyong kuwaderno ang iyong mga kasagutan.
- Basahin mo naman ang pag-uulat ng susunod ng SMM Patrol.



Magandang araw sa iyo kaibigan at unawain mo ang aking balita.

## **GUTOM KAKAMBAL NG EL NIÑO**

*(Jasmine Kate N. Jumig)*

Isang mabigat na problema ang kinakaharap ng bansa sa lima hanggang anim na buwang pananalasa ng El Niño phenomenon o tagtuyot sa taong 2005 dahil kakambal nito ay hindi birong kakapusan ng pagkain na kung hindi maaagapan ay maaaring humantong sa malawakang pagkagutom.

Ito ay makaraang aminin ni Nathaniel Cruz, Direktor ng Weather Forecast Service ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), na bagama't pumasok na sa Luzon ang tagtuyot na ipinararamdam ng mababang antas ng rainfall, ang aktuwal na tatamaan ng El Niño ay ang malaking bahagi ng Mindanao.

Higit umanong nakakatakot ang senaryo dahil ang naturang rehiyon ang tinatawag na "bread basket" ng Pilipinas. Base sa pagtataya ng PAGASA, mararanasan ng central islands at kalahati ng kanlurang bahagi ng Mindanao ang matinding panunuyo sa unang tatlong buwan na papasok na taon.

Ngayon pa lamang ay ipinapayo na ng PAGASA ang paghahanda at paglalalatag ng mga alternatibong solusyon, partikular sa panig ng Department of Agriculture (DA), kung paano sosolusyunan ang kakapusan sa pagkain na magiging epekto ng El Niño.

Mga tanong:

- Ano ang kahulugan ng El Niño Phenomenon?
- Ano ang kakambal ng El Niño? Bakit?
- Paano sosolusyunan ang nagiging epekto ng El Niño?
- Nasagutan mo ba ang mga tanong? Magaling!





---

Magandang Umaga! Ako po si Felipe San Gabriel, ang inyong SMM Patrol: Bantay Kalikasan

## **MARAMING DAHILAN ANG POLUSYON**

Malubhang suliranin ng daigdig sa kasalukuyan ang polusyon ng kapaligiran, lalo, na sa mga bansang industriyalisado. Bagaman, sa Pilipinas ay hindi pa gaanong mapanganib ang kalagayan ng polusyon. Napipigil pa rin ito ng mga pagsisikap na isinasagawa ng iba't ibang sangay ng ating pamahalaan.

Napatunayan sa mga pagsusuring isinagawa ng National Water and Air Pollution Control Commission (NPCC) ang karumihan ng hangin at tubig sa ating kapaligiran.

**Polusyon ng Tubig.** Maraming dahilan ang polusyon ng tubig lalo na sa Metro Manila. Isa na rito ang dumi't basurang nanggaling sa tahanan na umaagos sa mga imburnal patungo sa ilog at mga estero. Karaniwang hindi maayos at sapat ang mga imburnal kung kaya't tuwiran nang itinatapon ang mga dumi sa kanal at ilog.

Karaniwan ding ang mga palengke at matadero'y katabi ng ilog, kaya't dito na rin napapatapon ang kanilang mga basura. Ilang halimbawa'y ang palengke ng Quinta sa Quiapo na katabi lamang ng ilog Pasig, ang palengke ng Pritil na malapit sa Estero de Pritil at ang palengke ng Paco na nasa gilid ng Estero de Paco.

Subalit ang lalong malubhang dahilan ay ang mga duming nanggaling sa mga pabrika at planta. Gaya halimbawa ng industriya sa pagsasaka ng mga gulay at bungangkahoy, pagawaan ng pagkain ng mga hayop, planta ng mga kemikal at sofdrinks, pabrika ng papel, sabon, langis at mantika.

**Saklaw ng Polusyon.** Sa huling pagsusuri ng NPCC, napatunayang 37 bahagdan ay bunga ng mga dumi't basurang pantahanan.

Sa kabila ng pagkontrol sa mga duming ibinubuga ng mga pabrika, nananatili pa rin ang polusyon ng tubig sa mga estero, ilog at lawa sa Metro Manila. Kasama na rin dito ang look ng Maynila at mga palaisdaan sa Navotas.

Basahin ang balita at suriin ang nilalaman nito.

- Ano ang polusyon?
- Anu-ano ang mga dahilan ng polusyon?
- Paano maaring malunasan ang suliranin ng polusyon sa tubig?





---

Narito naman ang inyong SMM Patrol: Bantay Kalikasan, si Chezka Manuntag ang inyong lingkod.

Basahin ito.

### **P100-M PANANIM, PALAISDAAN; NASALANTA NG POLUSYON MULA SA PABRIKA**

Tinatayang nasa P100 milyong halaga ng tanim sa bukid at palaisdaan ang nasalanta ng polusyong dulot ng polusyon mula sa pabrika sa Lungsod ng Malindang.

Ayon kay Konsehal Nilo Boloron, Malindang Sangguniang Bayan Committee Chairman of Agriculture, nasalanta umano ng kontaminadong dumi ng tubig ang may P50 milyong pananim sa 1,460 ektarya ng bukirin dulot ng kuntaminadong kemikal na inilabas abg dambuhalang pabrikang pag-aari ni G. Tyron Gonzales.

Nabatid na ang naapektuhang mga pananim ay makikita sa Barangay Calanugas, Magumbali, Mapaniqui, Baranca, Bakayawan, Pescadores, Bambang at Paralaya.

Bukod dito nabatid naman kay Malindang Meyor Perlito "Lightning" Empinado na aabot sa P51 milyon ang napinsalang isda sa mga palaisdaan sa Brgy. Sarangca, Lapanique, Saligui, Parang at Magumbali na may sukat na 2,050 ektarya.

Nangako naman si Gene Marasigan, DENR Environment Bureau Director, na gagawa sila ng agarang aksyon laban sa mga may-ari ng Pabrika sa bayan ng Malindang.

Nakatakda namang maglunsad ng malawakang protesta ang mga naapektuhang magsasaka at fishpen operator sa tanggapan ng DENR upang ipaabot ang kanilang problema.

- Anong uri ng polusyon ang isinasaad ng balita?
- Paano napinsala ang mga tanim sa bukid at palaisdaan sa bayan ng Malindang?
- Ang pagtatayo ng malalaking pabrika na naglalabas ng mga nakalalasong kemikal ngunit nagbibigay ng kabuhayan sa naturang bayan, sa iyong palagay, tama ba na ipagpatuloy pa ito? Bakit?
- Paano malulunasan ang ganitong pangyayari?







Ako si Mary Jane Dolor ang inyong SMM Patrol: Bantay Kalikasan

### **CDO NG LMG PLANT HINDI BABAWIIN**

Inihayag kahapon ni Pasig City Mayor Vicente Eusebio na hindi niya babawiin ang ipinalabas niyang Cease and Desist Order (CDO) sa LMG Chemical Plant na una na niyang ipinasara dahil sa dalawang beses na umanong pagsingaw ng mabaho at nakalalasong usok na naging dahilan umano ng pagkamatay ng isang residente at pagkasugod sa pagamutan sa 26 estudyante.

Ang pahayag ay ginawa ng Alkalde bilang reaksiyon sa ipinalabas na Lifting Order ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na nagpapahintulot ng pansamantalang pagbubukas ng LMG Chemical Plant.

Ayon kay Mayor Eusebio, kung sakali umanong sumingaw muli ng nakakalasong sulfuric acid ang LMG ay wala umanong dapat sisihin kundi ang DENR partikular umano si Regional Director Sixto Tolentino.

Anang alkalde, dapat ngayon pa lamang, tiyaking mabuti ng DENR at pamunuan ng LMG na hindi na magkakaroon ng leak sa planta upang hindi na maulit ang naganap na trahedya noong Agosto 2001 na naging dahilan umano ng pagkamatay ng isang nagngangalang Ana Cahindi at pagkakasugod sa pagamutan sa 30 residente ng Pasig.

Base sa record ng Pasig City Hall muling sumingaw ang LMG plant noong September 10, 2004 kung saan, 26 na estudyante ng San Joaquin Elementary School ang naospital nang mahilo at magsusuka nang malanghap umano ang sulfuric acid.

- Basahin ang balita
- Suriin ang mensahe
- Sagutin ang mga tanong sa ibaba.
  - Bakit ipinasara ang LMG Chemical Plant?
  - Ano ang epekto nito sa mga nakatira roon?
  - Sa iyong opinyon, dapat pa bang buksan ang planta? Bakit?

Naunawaan mo ba ang iyong mga balita?





Nasuri mo ba ang mga di-kanais-nais na pangyayaring nakapipinsala sa mga likas na yaman sa kapaligiran na nagdudulot ng di-mabuti sa tao?

Subukin mong sagutin ang talahanayan sa ibaba.

Likas na Yaman	Gawaing Nakakapinsala	Epekto ng	
		Maling Paggamit	Tamang Paggamit
1. kagubatan at bundok			
2. pangisdaan/ dagat			
3. minahan			
4. kapatagan			



## PAGSANAYAN MO

Isulat ang **W** kung wasto at **DW** kung di-wasto ang isinasaad ng pangungusap.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang pagkakaingin ay di-kanais-nais na gawain sa kagubatan.
- \_\_\_\_\_ 2. Nakakalbo ang ating kagubatan dahil sa maling gawain ng ilan nating kababayang nagtotroso.
- \_\_\_\_\_ 3. Mapapangalagaan ang mga kagubatan kung magtatanim ng punla bilang kahalili ng punong pinutol.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang polusyon ay mabuti sa kalusugan ng tao.
- \_\_\_\_\_ 5. Upang dumami ang mahuhuling isda maaring gumamit ng sasakyang de motor at dinamita sa pangingsda.



## TANDAAN MO

- Ang mga di-kanais-nais na pangyayari na nakapipinsala sa mga likas na yaman at nagdudulot ng di-mabuti sa tao ay nagiging sagabal sa layuning mapaunlad ang mga ito.



## ISAPUSO MO

1. Nakakita ka ng illegal na magtotroso sa gubat. Ano ang iyong gagawin?
2. Kasama ka sa pangingsda ng iyong ama. Wala siyang gaanong mahuling isda. Dumukot sa bulsa at may inilabas na bagay na may mitsa. Pagkakita mo rito, ano ang iyong gagawin at sasabihin?
3. Nagtatalo ang iyong dalawang kapatid tungkol sa masama at mabuting gawain ng minero. Sa masamang paraan, malaki ang kikitain, ngunit sa mabuting paraan kakaunti lang ang kikitain. Kanino ka papanig? Bakit?





## GAWIN MO

A. Hanapin mo ang limang salita na may kinalaman sa pagamit ng likas na yaman. Isulat mo ito sa iyong kuwaderno.

A	D	P	O	L	U	S	Y	O	N	O	P
C	E	A	O	A	D	Z	L	M	N	D	Q
P	A	G	K	A	K	A	I	N	G	I	N
X	S	T	W	Z	E	D	C	P	O	N	A
M	T	O	A	B	M	A	B	Q	N	A	B
N	Q	T	P	C	I	F	A	R	M	M	C
L	L	R	Q	O	K	G	Z	S	L	I	D
S	M	O	N	R	A	H	W	T	K	T	E
B	W	S	U	S	L	I	X	U	J	A	F
P	X	O	V	T	K	J	W	V	I	H	G

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

B. Piliin ang mga pangungusap na nagpapakita ng pagkalbo ng kagubatan at ng pagdumi ng tubig. Isulat ito sa iyong sagutang kuwaderno.

- Gumamit si Mang Jose ng cyanide sa paghuli ng isda.
- Pagtatanim ng puno sa bundok.
- Pagputol ng punongkahoy na bata pa.
- Itinatapon ni Lydia sa ilog ang kanilang basura.
- Nagkakaingin si Mang Roger.



- Gumagamit si Rey ng lambat na malalaki ang butas.



## **PAGTATAYA**

Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang kuwaderno.


1. Alin sa mga sumusunod ang may kinalaman sa pagkasira ng pangisdaan?
  - a. paggawa ng parke sa dalampasigan
  - b. pagkakalat at pagtatapon ng dumi sa dagat
  - c. paggawa ng mga palaisdaan mula sa kakahuyan ng bakawan
  - d. paglilinis ng mga pangisdaan
2. Ano ang mangyayari kung patuloy ang pagkakaingin ng mga tao sa kabundukan?
  - a. sasapat ang pagkain para sa lahat
  - b. dadami ang makukuhang prutas
  - c. uunlad ang kabuhayan
  - d. guguho ang lupa at babaha nang husto sa mababang lugar
3. Alin ang higit na di-kanais-nais na ginawa ng tao sa likas na yaman ng bansa?
  - a. di-makatuwirang paggamit ng likas na yaman
  - b. pagkakaingin
  - c. paghuli sa mga mailap na hayop sa kagubatan
  - d. hindi pinapalitan ng tao ang mga yamang maaring palitan
4. Ang mga likas na kalamidad o pangyayari ang may kinalaman sa mabilis na pagkakasira ng kagubatan. Alin ito?
  - a. pagkakaingin
  - b. labis na pagtotroso
  - c. bagyo
  - d. lahat ng nabanggit
5. Ang mga sumusunod ay di-mabuting ginagawa ng tao maliban sa isa. Ano ito?
  - a. pagtatapon ng dumi at kemikal mula sa pagmimina
  - b. pagputol ng kahoy kahit walang lisensya
  - c. paghuli ng ibon at mailap na hayop sa kagubatan
  - d. pagtatanim ng maliliit na punong-kahoy



## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Gumawa ng plakard na nagsasaad ng kampanya tungkol sa matalinong paggamit ng mga likas na yaman upang maiwasan ang mga di kanais-nais na pangyayaring nakakapinsala sa likas na yaman.

Ibigay mo ang iyong mga ginawa sa Kapitan ng inyong barangay upang maipaskil at mabasa ng taong bayan.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.